

PINAL

PINAL

PINAL

PINAL

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG

Makipag-ugnayan kay:

Abril 19, 2023

**Mga pandaigdigang shipping company, nagbawas ng bilis sa baybayin ng California para maprotektahan ang mga blue whale at ang asul na kalangitan**

***Programa, patuloy pang lumalawak at nagkakamit ng higit pang benepisyo sa kapaligiran***

Dalawampu't tatlong shipping company, lumahok sa programang [Protecting Blue Whales & Blue Skies](#) para sa pagbabawas sa bilis ng mga vessel noong 2022, na nagresulta sa mas malinis na hangin, mga mas ligtas na whale, at mas tahimik na karagatan. Natutukoy ang mga kumpanya para sa kanilang mga vessel na dumaraan nang may hindi hihigit sa ten knots sa San Francisco Bay Area at rehiyon ng Southern California. Ang rehiyon ng Southern California ng programa ay mula Point Arguello (sa County ng Santa Barbara) hanggang sa katubigan malapit sa Port Hueneme at Dana Point (malapit sa Port ng Los Angeles at Long Beach).

Tumakbo ang boluntaryong programa sa incentive mula Mayo 1, 2022 hanggang Disyembre 15, 2022. Mas maraming lumahok kumpara sa mga nakaraang taon, at nadagdagan ito mula sa labindalawang shipping company noong 2021.

Nakatanggap ang mga shipping company ng pagkilala at mga pinansyal na award batay sa porsyento ng distansyang nilakbay ng mga vessel na ito sa mga zone ng Vessel Speed Reduction (VSR) na hindi hihigit sa 10 knots na may average na bilis na hindi hihigit sa 12 knots.

Ang tatlong tier ng award ay Sapphire (85-100% ng kabuuang distansya ng fleet sa mga zone ng VSR na nilagay nang hindi hihigit sa ten knots), Gold (60-84%), at Blue Sky (35-59%). Tina-transmit ng mga transponder ng Automatic Identification System (AIS) ang bilis at lokasyon ng bawat barko. Sinuri ang data ng AIS para sa bawat fleet at inuri ayon sa tier ang performance ng kumpanya. Inalok ng pinansyal na tulong ang mga kumpanyang napabilang sa Gold o Sapphire na antas.

Walong kalahok na kumpanya ang umabot sa Sapphire na antas, ang pinakamarami sa nangungunang kategorya mula nang magsimula ang programa. Kasama rito ang Orient Overseas Container Line (OOCL), Mediterranean Shipping Company (MSC), Swire Shipping, Yang Ming, COSCO Shipping, NYK Ro-Ro, Wallenius Wilhelmsen, at CSL Group.

Sa ikalimang sunud-sunod na taon, naabot ng Mediterranean Shipping Company (MSC) ang tier na Sapphire sa kategorya ng malaking fleet at ipinakita nitong sa pamamagitan ng advance na pagpapalano, nagagawa ng mga baro na isaayos ang kanilang iskedyul para makipagtulungan sa programa ng VSR nang hindi naaabala ang mga operasyon. Umabot ang

Orient Overseas Shipping Line, na isang bagong kalahok sa programa, sa 95% antas ng kooperasyon noong 2022, kaya nabawasan ang bilis at naging hindi bababa sa 10 knots para sa mahigit 15,000 milya sa mga zone sa California.

Kino-complement ng target na ten knots ang mga kahilingan ng National Oceanic and Atmospheric Administration (NOAA), Coast Guard ng U.S., at Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran para bawasan ng lahat ng vessel (300 gross ton o higit pa) ang kanilang bilis sa mga buwang matindi ang polusyon sa hangin at maraming endangered na blue, humpback, at fin whale para protektahan na hindi matamaan ng barko ang mga whale na ito.

Ang pagtama ng mga barko ay isang pangunahing banta sa mga whale sa buong mundo at sa pag-recover ng mga endangered na blue, fin, at humpback whale sa katubigan ng California. Ang pagpapababa sa bilang ng mga natatamaan ng barko ay isang pangunahing priyoridad ng NOAA, pati ng mga pambansang marine sanctuary sa West Coast ng NOAA. Ang mga naobserbahan at naidokumentong pagkamatay sa kabuuan ay 52 endangered na whale mula 2007-2022, at malamang ay maliit na porsyento lang ito ng kabuuang bilang ng mga natatamaan ng barko taun-taon.

Natapat din ang programa sa panahon kung kailan karaniwang mataas ang concentration ng ground-level ozone (smog). Sa target na 10 knot, makakabiyahe ang mga barko sa efficient na operating load nang gumagamit ng mas kaunting fuel at nagdudulot ng mas kaunting polusyon. Ang mga vessel sa karagatan na dumaraan sa baybayin ng California ay naglalabas ng mga nitrogen oxide (NOx, precursor sa smog), sulfur oxide (SOx), particle pollution, at greenhouse gas (GHG). Ang mga vessel na ito ang nagdudulot sa humigit-kumulang 200 ton ng NOx bawat taon na ine-emit sa baybayin ng California, na nakakaapekto sa mga antas ng onzone sa baybayin sa maraming rehiyon ng estado. Hindi nakakatugon ang mga lugar sa greater Los Angeles (kasama ang County ng Ventura), County ng Santa Barbara, at San Francisco Bay sa mga pamantayan sa kalidad ng hangin ng estado at/o pederal para sa ozone.

Lumalawak ang saklaw at mga benepisyo sa kapaligiran ng programa sa incentive ng VSR kada taon, pati noong 2022, na nagmarka sa ikapitong taon. Kasama sa mga highlight ng programa noong 2022 ang:

- Sa 344,000 nautical miles ng karagatan na dinaanan ng mga barko sa programa, humigit-kumulang 270,000 nautical miles ang nasa hindi hihigit sa 10 knots, na katumbas ng pag-traverse sa circumference ng Mundo ng mahigit sa sampung beses.
- Ang mga barko sa programa na dumaraan sa southern California sa humigit-kumulang 200-nautical-mile na zone ng VST ay naglayag nang hindi hihigit sa 10 knot para sa 79% ng kabuuang milyang nilayag. Tuluy-tuloy na nadagdagan ang kooperasyon bawat season, (noong 2017, humigit-kumulang 21% ng milya ang nilayag nang hindi hihigit sa 10 knot). Ipinapakita nito ang tumitinding dedikasyon ng mga kalahok na kumpanya sa paglipas ng mga taon.

- Sa humigit-kumulang 100-nautical-mile na zone ng VSR ng San Francisco Bay Area, na pinalawak noong 2022, ang antas ng kooperasyon mula sa mga kalahok na kumpanya ay naging 72% mula sa 60% noong 2021.
- Nabawasan ng mga shipping company na lumahok sa programa noong 2022 ang pag-emit nila ng pollutant sa hangin nang humigit-kumulang 920 ton ng NOx at 32,000 metric ton ng GHG sa rehiyon. Nagpapakita ang mga bilang na ito ng 27% pagbaba sa polusyong dulot ng NOx at GHG mula sa mga barkong lumahok sa programa, kung ikukumpara sa mga baseline na kundisyon. Kung ihahambing, ang pagbabawas sa NOx ay katumbas ng pag-convert ng 580,000 pampasaherong sasakyan sa zero na emisyon sa isang taon.
- Ang paglalayag ng mga vessel na kalahok sa programa ng VSR ay may posibilidad ng pagkakatama na 44% mas mababa sa mga whale kumpara sa kung hindi bumagal ang mga vessel na iyon sa pakikipagtulungan sa programa.
- Ang mga barko sa Sapphire, Gold, at Blue Sky na tier ng award ay may mga antas ng tunog na 4.6 dB para sa bawat paglalayag na mas mababa kapag ikinumpara sa mga baseline na source na antas noong 2021. Sa pagbabawas sa noise pollution, mas napapadali ang pakikipag-ugnayan ng mga whale.
- Ang mga incentive ay nasa \$2,500 hanggang \$20,000 para sa bawat kumpanya sa tier ng award na Gold at Sapphire.
- Labing-apat na kumpanya – Orient Overseas Shipping Line (OOCL), Mediterranean Shipping Company (MSC), COSCO Shipping Line, CSL Group, Ocean Network Express (ONE), Maersk, “K” Line, Wallenius Wilhelmsen, Wan Hai, Evergreen Shipping, Swire Shipping, Hapag Lloyd, GALI, at Yang Ming – ang tumanggi sa lahat o sa ilang porsyento ng kanilang pinansyal na incentive. Gagamitin ang pondong iyon para sa mga karagdagang pampublikong pagsisikap sa pagkilala at ii-invest ito ulit sa programa.

Tatakbo ang programa ngayong 2023 mula Mayo 1 hanggang Disyembre 15, 2023. Ito na ang magiging pinakamalaking season para sa pagprotekta ng mga whale at malinis na hangin, at iniimbitahan ang mga operator ng tanker na sumali. Sa pagpapalawak sa zone ng VSR ng San Francisco, lalawak ang lugar nang humigit-kumulang 130 milya para isama ang buong Monterey Bay National Marine Sanctuary. Sa pagpapalawak na ito, tatlong bagong partner ang sasali sa programa ngayong 2023: Monterey Bay National Marine Sanctuary, Monterey Bay Air Resources District, at Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin ng County ng San Luis Obispo. Walang magiging pinansyal na incentive ang programa ngayong 2023, dahil na rin sa feedback ng mga kalahok bilang suporta sa pagsisikap na bawasan ang bilis ng mga vessel at pagkilala ng publiko.

Ang programang ito ay isang pagtutulungan ng Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin ng County ng Ventura; Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin ng County ng Santa Barbara;

Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin ng County ng San Luis Obispo; Distrito ng Mga Resource ng Hangin ng Monterey Bay; Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area; Channel Islands, Greater Farallones, Cordell Bank, at mga pambansang marine sanctuary sa Monterey Bay; Volgenau Foundation; California Marine Sanctuary Foundation; National Marine Sanctuary Foundation; Greater Farallones Association; Environmental Defense Center; Point Blue Conservation Science; Starcrest Consulting; at Scripps Whale Acoustic Laboratory/Scripps Institution of Oceanography.

Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa [www.bluewhalesblueskies.org](http://www.bluewhalesblueskies.org).

###

### **Mga Pahayag mula sa Mga Partner sa Programa**

**Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin ng County ng Santa Barbara, Aeron Arlin Genet, Opisyal ng Pagkontrol sa Polusyon sa Hangin:** “Nagpapasalamat kami sa mga kalahok na shipping company, kung saan marami ang bumabalik sa programang ito taun-taon. Dahil sa kanilang mga boluntaryong pagsisikap na bawasan ang kanilang bilis, lubos na gumaganda ang kalidad ng hangin at ang kalagayan ng mga endangered na whale. Patuloy na ipinapakita ng programang ito ang magagandang puwedeng mangyari kapag nagtutulungan ang mga lokal, pang-estado, pambansa, at internasyonal na organisasyon.”

**Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin ng County ng Ventura, Ali R. Ghasemi, Opisyal ng Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin:** “Mahigit 40 porsyento ng mga nitrogen oxide na ine-emit sa County ng Ventura at sa nauugnay na panlabas na continental shelf ang nagmumula sa mga vessel sa karagatan. Makakatulong sa amin ang expansion sa programa na isama ang mga maramihan at pangkalahatang cargo ship na tugunan ang mas malaking bahagi ng mga emisyonang ito sa boluntaryong paraan. Lubos akong nagpapasalamat sa mga kalahok na kumpanya na hindi tumatanggap ng pinansyal na incentive para makapagpatuloy ang programa gamit ang mga limitado nitong resource.”

**Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area, Dr. Philip Fine, Tagapagpaganap na Opisyal:** “Pinoprotektahan ng programang Blue Whales and Blue Skies ang kalidad ng ating hangin at ang ating klima sa pamamagitan ng mas mababagal na vessel na nakakabawas sa polusyon sa hangin at mga greenhouse gas. Ang programang ito ay isang mahusay na partnership na pumoprotekta sa mga endangered na whale habang naghahatid ng mas malinis na hangin para sa mga Californian.”

**Channel Islands National Marine Sanctuary, Chris Mobley, Superintendent:** “Ang National Marine Sanctuaries Act ay nagbibigay sa atin ng gabay sa paggawa ng mga model ng, at ng mga incentive para sa, mga paraan para makatipid at mamahala, pati ng mga makabagong pamamaraan sa pamamahala. Ang makabagong programang ito sa pagbabawas ng bilis ng vessel batay sa incentive, sa pakikipagtulungan sa mga distrito sa pamamahala ng hangin ng county, shipping industry, iba pang ahensya, at NGO ay nagsisilbing modelo para sa

pagpapabuti sa kalusugan ng karagatan at tao habang nagsusulong ng sustainable na asul na ekonomiya."

**Greater Farallones and Cordell Bank National Marine Sanctuaries, Maria Brown,**

**Superintendent:** "Sa ating lahat nakasalalay ang survival ng mga endangered na whale na ito. Ang tagumpay ng programang ito ay nakasalalay sa kahandaan ng shipping industriya na pahasayin ang konserbasyon ng mga whale at isulong ang mas malinis na hangin, habang nagsasagawa ng komersyo, sa pakikipagtulungan sa mga ahensya at nonprofit. Sa pamamagitan ng pagtutulongan, matitiyak nating patuloy na mabubuhay sa planetang ito ang mga blue, fin, at humpback whale."

**The Environmental Defense Center, Kristen Hislop, Direktor ng Programa sa Marine**

**Conservation:** "Ang nagsimula bilang makabagong kauna-unahang proyekto na nagbuklod ng mga grupo para sa kapaligiran, sa shipping industry, pati sa mga pamahalaan ng pederal at lokal bilang pagsisikap na protektahan ang mga endangered na whale at pagandahin ang kalidad ng hangin ay napatunahang napakabisa sa pagkamit sa parehong layunin. Itutuloy ng Environmental Defense Center ang ginagawa nito para matiyak na ang mga pagsisikap na ito ay ire-reward ng batas na magbibigay sa mahalagang programa na ito ng mga resource na kailangan nito para magtagal sa hinaharap."

**Ayon sa Vice President at Direktor ng Lupon ng Volgenau Foundation na si Lisa**

**Volgenau:** "Ipinagmamalaki naming maging bahagi ng partnership na ito na tumutulong sa pagpapaganda sa kalidad ng hangin at sa pagprotekta ng mga marine species, lalo na sa mga endangered na whale. Kada taon, nagiging mas sustainable ang mga resulta dahil sa pagdami ng mga lumalahok na shipping company. Partikular kaming nagpapasalamat sa mga kumpanyang tumanggi sa kanilang mga incentive, na ganap na nagpapakita ng kanilang suporta sa konserbasyon ng karagatan. Umaasa kaming marami pa ang susunod sa kanilang dedikasyon na lubos na pagandahin ang kalagayan ng karagatan at kalusugan ng tao para sa mga susunod na henerasyon."

**California Marine Sanctuary Foundation, Robert Mazurek, Tagapagpaganap na Direktor:**

"Talagang kapana-panabik maging bahagi ng isang proyekto kung saan malinaw na nakikita ng mga tao ang mga benepisyo. Isa itong tagumpay para sa malinis na hangin, tagumpay para sa mga endangered at threatened na whale, at tagumpay para sa ating pagtutulongan, kung saan nauunawaan ng pamahalaan, industriya, mga philanthropist, at nonprofit na lahat tayo ay kailangan para magtagumpay ang konserbasyon."

###

Release: 1163 salita

Release at mga quote: 1734 na salita

Impormasyon ng release:

HUWAG MAGPADALA NG MGA LINK sa media para sa mga larawan.

Sa halip, mag-download ng isang larawan, magdagdag ng caption at credit pagkatapos ng ### sa release, at ipadala ito bilang attachment sa iyong media email.

Mga larawan (magpadala ng isa at kapag hiniling ng media):

[Ang Protecting Blue Whales and Blue Skies ay isang partnership para sa mas malinis na hangin, mas ligtas na whale, at mas tahimik na karagatan.](#) Larawan: John

Calambokidis/Cascadia research

[Container ship sa Port ng Los Angeles.](#) Larawan: Robert Schwemmer/NOAA

[Dalawang blue whale sa Channel Islands National Marine Sanctuary.](#) Larawan: NOAA

[Mahalaga ang malinis na hangin para sa lahat.](#) Larawan: Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area

Plano sa pagpapahayag:

Amber: mag-post sa website ng BWBS

Shauna: listahan ng media ng CINMS (Ventura/SB) (Lyz kay SB)

Jennifer Stock: Bay Area

Lisa Utall (listahan ng MBNMS)

Sarah: mga partner sa shipping industry at advertising

Sarah: SF Business Times

Sarah: EIN network

Sarah: mga sponsored na feature: gCaptain, SF Business Times

Michael M/Erin DeMerrit: listahan ng media ng BAAQMD

Iba pa?

[Graphic ng kumpanya/antas](#)

Sapphire Award (85 - 100%)



Gold Award (60 - 84%)



Blue Sky Award (35 - 59%)



Graphic ng reinvestment



Coverage:  
BWBS 2022 anunsyo ng mga resulta

Mga ibinalik na incentive: -  
<https://docs.google.com/spreadsheets/d/1Ue6sNN84U5wM1Dp5cxnGqL-03vmhC3UG47GcT3pygXQ/edit?usp=sharing>